



PATNUBAY SA MISA

18 Enero 2015

Kapistahan ng Panginoong Hesus, ang Banal na Sanggol

Taong B

“PABAYAANG LUMAPIT SA AKIN ANG MGA BATA”

Ngayon, mapalad tayong minsan pang maipagdiwang natin ang Kapistahan ng Sto. Niño. Ang debosyong itong nakaugat sa pagsisimula ng Kristiyanismo sa ating bayan ay isa rin sa mga pangunahing tampok sa ating popular na pagkarelihiyoso.

Alang-alang sa ikapagiging totoo ng debosyon natin sa Sto. Niño, ito’y di dapat na maging hanggang paglalagay lamang sa kanyang imahen sa ating dambanang pampamilya, o pagdadala nito saanman tayo pumunta. Ang debosyon natin sa Sto. Niño ay

marapat na praktikal na ipakita sa ating malasakit sa lubos na kagalingan ng milyun-milyong bata sa buong mundo at lalo na sa mga nabibiktima sa maraming paraan.

Mahal ni Hesus ang mga bata at ipinakita niya ang pagmamahal at pagpapahalaga sa kanila sa mga paraang napakapraktikal, gaya ng sukat nating matutuhan sa sipi ng Ebanghelyo para ngayon. Sa Eukaristiyang ito, muli nating pagtibayin ang pangako nating tumulad sa kanyang halimbawa.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Batang sa ati’y sumilang ay anak na ibinigay upang magharing lubusan, taglay ang dakilang ngalang Tagapayo ng Maykapal.

Pagbati

P–Pagpalain si Hesus na dalisay na nagmamahal sa mga bata at kabataan. Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat.

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Natitipon bilang mag-anak ng

Diyos ngayong Kapistahan ng Sto. Niño, tayo’y humiling sa Diyos ng Kanyang pagpapatawad upang maihandog natin ang Eukaristiyang ito nang may malinis na kalooban. (Manahimik sandali.)

P–Panginoong Hesus, ang Kaharian mo ay panlahat at tuwinang payapa. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, naparito ka upang makibahagi sa kahinaan ng aming pagkatao. Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, nais mong palapitin sa iyo ang kabataan. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B –Amen!

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak

ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P – Ama naming makapangyarihan, ang iyong Anak na Diyos na totoo ay naging sanggol noong siya ay naging tao namang totoo. Maging amin nawang panata ang pagsunod sa kanyang kapakumbabaan sa pagdiriwang namin sa kanyang pakikiisa sa mga nasa abang katayuan upang kami’y mapabilang sa iyong pinaghaharian sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Isa 9:1-6*

Ang maririnig nating pagpapahayag ay isang propesiya tungkol kay Hesus, ang Mesiyas na naghahatid ng liwanag ng pag-ibig ng Diyos sa mundong pinagdilig ng pagkakasala.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Nakatanaw ng isang malaking liwanag ang bayang malaon nang nasa kadiliman, namanaag na ang liwanag sa mga taong namumuhay sa lupaing balot ng dilim. Iyong pinasigla ang kanilang pagdiriwang, dinagdagan mo ang kanilang tuwa. Tulad ng mga tao sa panahon ng anihan, tulad ng mga taong naghahati ng nasamsam na kayamanan. Nilupig mo ang bansang umalipin sa iyong bayan tulad ng pagkalupig sa hukbo ng Madian. Binali mo ang panghambalos ng mga tagapagpahirap sa kanila.

Sapagka’t ang panyapak ng mga mandirigma, ang lahat ng kasuutang tigmak sa dugo ay susunugin. Sapagka’t ipinanganak para sa atin ang isang sanggol na lalaki. Ibinigay ang isang anak sa atin at siya ang mamamahala sa

atin. Siya ang Kahanga-hangang Tagapayo, ang Makapangyarihang Diyos, Walang hanggang Ama, ang Prinsipe ng Kapayapaan. Malawak na kapangyarihan at walang hanggang kapayapaan ang ipagkakaloob sa trono ni David at sa kanyang paghahari upang matatag ito at papanatilihin sa katarungan at katwiran ngayon at magpakailanman. Isasagawa ito ng Makapangyarihang Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 97*

B – Kahit saa’y namamalas, tagumpay ng Nagliligtas!

R. M. Velez



* Umawit ng bagong awit at sa Poon ay ialay, pagka’t yaong ginawa n’ya ay kahanga-hangang tunay! Sa sariling lakas niya at taglay na kabanalan, walang hirap na natamo yaong hangad na tagumpay. **B.**

* Ang tagumpay niyang ito’y siya na rin ang naghayag, sa harap ng mga bansa’y nahayag ang pagliligtas. Ang pangako sa Israel lubos niyang tinutupad. **B.**

* Tapat siya sa kanila at ang pag-ibig ay wagas. Ang tagumpay ng ating Diyos kahit saan ay namalas! Magkaingay na may galak, yaong lahat sa daigdig; ang Poon ay buong galak na purihin sa pag-awit! **B.**

* Sa saliw ng mga lira iparinig yaong tugtog, at ang Poon ay purihin ng tugtuging maalindog. Tugtugin din ang trompeta na kasaliw ang tambuli, magkaingay sa harapan ng Poon na ating hari. **B.**

Ikalawang Pagbasa *Ef 1:3-6, 15-18*

Sa panalanging ito ng papuri at kahilingan, ipinahahayag ni Pablo ang ilan sa mga lalong kalugud-lugod na katotohanan ng ating pananampalataya.

L – Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Efeso

Mga kapatid: Magpasalamat tayo sa Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesukristo! Pinagkalooban niya tayo ng lahat ng pagpapalang espirituwal dahil sa ating pakikipag-isa kay Kristo. At sa ating ngang pakikipag-isang ito, hinirang na niya tayo bago pa nilikha ang sanlibutan upang maging banal at walang kapintasan sa harapan niya. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, tayo’y kanyang itinalaga upang maging mga anak niya sa pamamagitan ni Hesukristo. Iyan ang kanyang layunin at kalooban. Purihin natin siya dahil sa kanyang kahanga-hangang pagkalinga sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak!

Kaya nga, mula nang mabalitaan ko ang tungkol sa inyong pananalig sa Panginoong Hesus at ang inyong pag-ibig sa lahat ng hinirang, walang humpay ang pasasalamat ko sa Diyos para sa inyo. Inaalaala ko kayo sa aking pananalangin, at hinihiling sa Diyos ng ating Panginoong Hesukristo, ang dakilang Ama, na pagkalooban niya kayo ng espiritu ng karunungan at ng tunay na pagkakilala sa kanya. Nawa’y liwanagan ng Diyos ang inyong mga isip upang malaman ninyo ang ating inaasahan sa kanyang pagkatawag sa atin. Ito’y ang kaluwalhatiang inilaan niya sa kanyang mga hinirang.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Aleluya *Jn 1:14.12*

B – Aleluya! Aleluya!

Naging tao ang Salita, upang tanang maniwala ay kanyang gawing dakila.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mc 10:13-16*

Mahal ni Hesus ang mga bata sapagkat nakikita niya silang mga ganap na kandidato para sa Kaharian. Sa salaysay ngayon, makikita ang kilalang pangungusap, “Pabayaang lumapit sa akin ang mga bata.”

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, may nagdala ng mga bata kay Hesus upang hilinging ipatong niya sa mga ito ang kanyang kamay; ngunit pinagwikaan sila ng mga alagad. Nagalit si Hesus nang makita ito, at sinabi sa kanila, “Pabayaang lumapit sa akin ang mga bata, huwag ninyo silang sawayin, sapagkat sa mga katulad

nila naghahari ang Diyos. Ito ang tandaan ninyo: ang sinumang hindi tumatanggap sa paghahari ng Diyos tulad ng isang maliit na bata ay hindi mapapabilang sa mga pinaghaharian niya.” At kinalong ni Hesus ang mga bata, ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanila at pinagpala sila.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P– Sa pagpupugay natin sa Sto. Niño at paggunita natin sa tanging pag-ibig ni Hesus sa kabataan, ibaling natin ang ating pansin sa ating mga anak at kabataan, at ipanalangin ang lahat nilang pangangailangan.

B– Panginoon, dinggin ang aming panalangin!

* Para sa buong Simbahan at mga namumuno rito: Nawa higit nilang pahalagahan ang mga bata at kabataan, at sa gayo’y maging inspirasyon sa buong mundo. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga bata sa buong

mundo: Nawa sila’y masuyong mahalín, igalang at ituring na siyang pag-asa ng isang lalang mabuting sangkatauhan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga batang di pa isinisilang: Nawa matanggap sila ng kanilang mga magulang bilang mahalagang kaloob at tanda ng pagtitiwala ng Dakilang Lumikha. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa kabataan ng ating bansa: Nawa lumago sila sa katapatan at kalinisan, nagpapahalaga at nagsasabuhay ng mga Pilipinong pagpapahalaga. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng mga Katolikong magulang: Nawa kalingain nila ang kanilang mga anak kung paanong kinalinga nina Maria at Jose si Hesus at hubugin sila para maging mabubuting mamamayan at masisiglang kaanib ng Simbahan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng deboto ng Sto. Niño: Nawa ang kanilang debosyon sa Sto. Niño ay maging patuloy na inspirasyon para lumago sa pagmamahal sa Diyos at sa kanilang kapwa. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumahimik saglit.*) Manalangin tayo! **B.**

P– Panginoong Diyos, pagkalooban Mo kami ng praktikal na malasakit sa mga bata at kabataan ngayon. Nawa maisulong namin ang kanilang kagalingan at kaligtasan dahil sa pagmamahal sa Iyong Anak na nabubuhay at naghahari magpakailanman. **B–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P– Manalangin kayo. . .

B– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P– Ama naming Lumikha, sa pagdiriwang namin sa kapistahan

ng Banal na Sanggol, paunlakan mo ang aming pagdulog upang ganapin ang kanyang paghahain at ang kinamtan niyang kapatawaran ay pakinabangan namin sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

Prepasyo

P– Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang Anak mong di na naiiba sa amin ay siyang pumawi sa dilim kaya ngayo’y ikaw ang aming nababanaagan. Ang Anak mong di naiiba sa iyo ay siyang iisang Salita mo. Sa katauhan niya ang iyong sarili’y aming nakikita. Sa pamamagitan niya ang iyong pag-ibig ay kahali-halina kahit ikaw ay lingid sa aming mata.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B– Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B– Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin. . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailan man! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa pag-uwi sa Nazaret, si Hesus ay masigasig sa pagsunod at pag-ibig sa magulang n'yang matuwid, sina Maria at Jose.

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa iyong piging na banal sa kapistahan ng iyong Anak na isinilang ng Mahal na Birhen ay makapamuhay nawa bilang iyong kasambahay na umuunlad sa karunungan at sa pagiging kalugud-lugod sa iyo at sa kapwa tao sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo mag-pasawalang hanggan.

B–Amen!

PAGWAWAKAS



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik sandali.)

Itulot nawa ng Diyos ang pagpapapahalaga sa mga kabataan sa ikabubuhay ng Simbahan at lipunan.

B–Amen!

P–Gawin Niya nawa kayong mga itinatanging kasangkapan sa pagtataguyod ng kapakanan at pag-unlad ng kabataan ng ating bayan.

B–Amen!

P–Gantimpalaan nawa ng buhay na walang hanggan ang inyong mga pagsisikap.

B–Amen!

P–Pagpalain kayo ng makapang-yarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

B–Salamat sa Diyos!

ANG STO. NIÑO AT ANG PILIPINAS

• Christie Ricafuerte

Walang alinlangan na may dakilang debosyon sa Sto. Niño sa buong Pilipinas. Makakakita tayo ng mga estatuwa at mga larawan ng Sto. Niño di lamang sa mga simbahan at tahanan, kundi pati sa mga tanggapan, malalaking tinadahan man – at naiilawan ng dekuryenteng bumbilya ang estatuwang nakaberdeng kapa. (Kasabihang berde raw ang kulay na naghahatid ng suwerte sa negosyo.)

Kahanga-hangang makakita ng mga buong mag-anak na natitipong nakaluhod sa pagdarasal sa harap ng dambanang tinatampukan ng estatuwa ng Sto. Niño. Alam ko ring marami sa ating mga *OCW (Overseas Contract Workers)* ang may baong maliit na estatuwa o larawan ng Sto. Niño sa kanilang pangingibang bayan. Ito ay magiging para sa kanila isang nakikitang tagapagpaalaala na sa kanilang tahanan, ang kanilang buong pamilya ay nagdarasal para sa kanila sa harap ng katulad na estatuwa o larawan. Ang pagpaparalang sa ganitong maliit at pinagpipitaganang imahen ay mananatiling bukal ng kasiyahan at inspirasyon para sa marami nating kababayan sa ibang bansa, lalo na sa mga bansang Muslim kung saan ilan lamang ang mga Kristiyano at bawal ang ano mang lantarang pagpapakita ng kanilang pananampalataya.

May panganib ding ang ilan sa mga deboto'y lumabis sa kanilang pagpupugay sa estatuwa ng Sto. Niño hanggang sa mawaglit na halos ang nararapat na maging kaugnayan sa katunayang kinakatawan lamang nito – alalaong baga'y ang katauhan ni Hesus. Nakalulungkot nga ito, bagamat ito naman ay madaling “maiwasto” sa pamamagitan ng tamang pangaral at tiyaga. (May ilang kaugaliang buhat sa pagkabata na kung minsang di madaling mapawi.)

Ang lalo pang nakapag-aalala ay ang pagiging alangan o magkasalungat sa nakikita nating debosyong panlabas (na maluluho pa) sa Sto. Niño at ang moral na pag-uugali ng gayon ding mga “deboto.” Isang angkop at sapat na katekesis sa ganitong mga tao ay dapat magturong ano mang anyo ng debosyon ay may katambal ding panatang mabuhay alinsunod sa buhay at turo ng santong pinagpupugayan.

Ito'y lalong angkop din sa debosyon kay Hesus sa bansag na Sto. Niño sapagkat siya ang ating guro at huwaran ng tamang pamumuhay. Ang pag-iingat natin sa kanyang larawan o imahen sa ating katawan o sasakyan, habang may mahalay namang pamumuhay ay higit na isang pagkutyat kawalan ng galang kaysa tanda ng pagmamahal. Ang pagdambana sa estatuwa ng Sto. Niño sa isang tindahang nandadaya ay malayong maging tanda ng tunay na debosyon.

Samantalang ang ganito'y mga tunay na panganib, o malulungkot na katunayan, dapat din nating linawing ang ganitong mga negatibong asal o gawi ay mga kataliwasan. Ang lalong marami sa mga Pilipino ay tunay namang nagmamahal sa Sto. Niño at nagsisikap na maging kalugud-lugod sa kanya sa kanilang asal. At ito marahil ang isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit patuloy ang debosyong ito sa pag-iingat sa pananampalatayang Katoliko ng ating bayan.

PARA SA PAGNINILAY AT PAGESASAGAWA

* Gaano katotoo at katibay ang aking debosyon sa Sto. Niño?

* Paano kong ipinakikita ang pag-ibig ko sa kanya?

* Mayroon ba sa aking asal at pamumuhay na di kasiya-siya sa kanya?

* Paano ko ito maiiaayos?

* Ano ang pinakamainam kong maihahandog sa karangalan ng Sto. Niño?



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio,

V. David • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan